

IKUMPARA ANG MGA PELIGRO NG IMPEKSYON SA INFLUENZA

Karaniwang mga sintomas

- lagnat, pananakit ng lalamunan, tumutulong sipon sa ilong, matuyong ubo, masakit ang ulo at pananakit ng masel (1 linggo o higit pa)
- sakit pambata na pabugso-bugso ang paghinga (croup) at bronchiolitis

Karaniwang mga komplikasyon

- pulmonya (pneumonia)
- mga impeksyon sa tainga at sinus
- pamamaga ng kalamnan (myocarditis) at laman na bumabalot sa puso (pericarditis)
- paglubha ng pabalik-balik na sakit (halimbawa: pagbabara sa puso, COPD)

Bihirang mga komplikasyon

- pagkalason sa dugo (septicaemia)
- pagkasira sa utak (encephalopathy)
- pagkamatay

KARANIWANG NAKAKASAMANG MGA PANGYAYARI SA PAGBAKUNA LABAN SA FLU

Karaniwang nakakasamang mga pangyayari

- pananakit, pamumula at /o pamamaga sa paligid ng ininiksyunang bahagi
- sumandaling paglagnat, pagkapagod, at sakit ng masel (1-2 araw)

Bihirang nakakasamang mga pangyayari

- kati sa balat nagiging maga at mapulang latay [urticaria (Hives)]

Napakabihirang nakakasamang mga pangyayari

- sobrang di pagkahiyang nauwi sa kahirapang huminga (anaphylaxis)
- tusok-tusok na pakiramdam sa balat, paa at kamay (paresthesias)
- Guillain-Barre syndrome (<1 kada 1 milyong dosis)

SAAN MAKAPAGPAPABAKUNA

I-tsek muna sa inyong pinagtatrabahuhan dahil maraming mga pasilidad sa pangkalusugang pangangalaga ang nagbibigay ng libreng bakuna laban sa flu sa kanilang mga kawani.

Sa ibang paraan naman, makakakuha ng napapanahunang bakuna laban sa influenza mula sa inyong doctor (GP) at ilang mga botika ng komunidad.

Para sa karagdagang impormasyon

Ang inyong lokal na Pamublikong Yunit sa Kalusugan (Public Health Unit): 1300 066 055

Pahina ng NSW Health influenza:
www.health.nsw.gov.au/flu

Programang Bakunahan sa Australya (Immunise Australia Program): www.immunise.health.gov.au

Pambansang Sentro ng Pananaliksik at Pagmamanman sa Imyunisasyon (National Centre for Immunisation Research and Surveillance): www.ncirs.edu.au



Health



Health

Pagbakuna ng mga kawani laban sa influenza



Protektahan ang sarili at ang mga naninirahan

PROTEKTAHAN ANG SARILI AT ANG MGA NANINIRAHAN

Ang influenza ay nakapagdudulot ng malaking mga peligro sa mga naninirahan sa mga pasilidad ng paalagaan. Mahalaga na ang mga taong nag-aalaga sa mga naninirahan ay nabakunahan laban sa flu bawa't taon.

Ang pagbakuna ay nakakabawas sa:

- pagkahawa ng mga naninirahan mula sa kawani
- mga pagkamatay at hindi nakabubuti sa mga naninirahan
- pagtawag ng mga serbisyo sa pangkalusugang pangangalaga
- pag-uuwi ng flu sa pamilya at mga kaibigan.

MGA KATUNAYAN TUNGKOL SA FLU

Alam ba ninyo na:

- isa sa tatlong mga nagtatrabaho sa pangkalusugang pangangalaga ay magkakaroon ng sakit na flu bawa't taon
- tatlo sa apat na mga nagtatrabaho sa pangkalusugang pangangalaga ay pumapasok sa trabaho kahit na maysakit
- ang mga nagtatrabaho sa pangkalusugang pangangalaga ay kalimitang siyang nagdudulot ng impeksyon sa mga naninirahan
- madaling makahawa ang flu isang araw bago pa lumabas ang mga sintomas at hanggang pitong araw pa matapos magkasakit
- kahit na walang lumalabas na sintomas ng flu sa inyo, mahahawahan mo parin ang ibang mga tao.

SINO ANG DAPAT MABAKUNAHAN

Ang lahat ng kawani sa pangkalusugang pangangalaga na direktang gumaganap sa pag-aalaga ng mga naninirahan ay dapat mabakunahan.

- Kawaning pang-administratiba na may pakikipag-ugnayan sa pasyente
- mga doktor
- mga nars at tagapag-alaga
- mga terapista
- mga nagtatrabahong pang-relihiyon
- tauhang tagapaglinis at taga-kusina
- mga boluntaryo
- mga pansamantala at di-buong oras na manggagawa

KAILAN KAILANGANG MABAKUNAHAN

Magbabakuna kaagad kapag mabibili na ang gamot pambakuna. Ang mga panahon ng Flu ay hindi mahuhulaan at maaaring magsimula ng maagang panahon sa Abril at tumatagal hanggang Oktubre. Pinaka-epektibo ang mga pag-iniksyon ng bakuna bago pa magsimula ang panahon ng sakit na flu at umaabot ng dalawang linggo bago pa tumalab ngunit maaaring magpainiksyon kahit anong oras.



Kahit na ang taong malusog at malakas ang katawan ay tinatamaan ng flu.

KINAKAILANGAN ANG PAGBABAKUNA LABAN SA FLU BAWA'T TAON

Ang taunang pagbabakuna ay nagpapahusay sa mga lebel ng panlaban ng katawan para maprotektahan kayo at ang ibang tao sa sakit na flu. Para maprotektahan laban sa bagong mga lumilitaw (strains), mahalagang mabakunahan bawa't taon ng pinakabagong labas ng mga gamot pambakuna dahil nagbabago ang mikrobyo ng flu taon-taon.

Para mapigilan ang pagkalat ng influenza:

- hugasan ang inyong mga kamay ng sabon at tubig o magpahid ng alkohol
- takpan ang bibig at ilong ng tisyung papel (tissue) kapag umubo o nabahin
- ibasura kaagad ang ginamit na tissue.

